# Tagumpay Nating Lahat

## Lea Salonga

(Saint Sherwin Calderon)Ako'y anak ng lupang hinirang
Kung saan matatagpuan
Ang timyas ng perlas ng silangan
Nagniningning sa buong kapuluanTaglay ko ang hiwaga ng silangan
At saan mang bayan o lungsod
Maging timog, hilaga at kanluran
Ang pilipino ay namumukod[Chorus:]
Sama-sama nating abutin
Pinakamatayog na bituin
At ang aking tagumpay
Tagumpay ng aking lahi
Tagumpay ng aking lipi
Ang tanging minimithi at hinahangad
Hangad ko'y tagumpay nating lahatAko ay may isang munting pangarap
Sa aking dakilang lupain
At sa sama-sama nating pagsisikap
Sama-sama ring mararatingAng iba't ibang galaw, iisang patutunguhan
Dito isang araw, isang kapuluanSama-sama nating abutin
Pinakamatayog na bituin
At ang aking tagumpay
Tagumpay ng aking lahi
Tagumpay ng aking lipi
Ang tanging minimithi at hinahangad
Hangad ko'y tagumpay nating lahat
Hangad ko'y tagumpay nating lahat

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/